Mga Hakbang na Dapat Gawin sa Pagkakataon na Mayroong Ballistic Missile Attack (Rebisyon)
(Para sa mga Nagsasalita ng Dayuhang Wika)

Inaasahang mararating ng ballistic missile ang bansang Hapon sa napakaikling panahon lamang. Ito ay maaring sa loob lamang ng sampung minuto mula sa paglunsad ng missile. Kung sakaling tatama o babagsak sa bansang Hapon ang missile, maglalabas ng mensahe ang gobyernong Hapon sa pamamagitan ng 'J-Alert' (idinisenyo ito upang magbigay-alam ng instant emergency information), kasabay ng emergency warning sirens gamit ang public speaker. Gamit din ng gobyerno ang emailing system para magpadala ng emergency information.

◎ ringtone ng telepono ng 'Area Mail' (para sa missile info) at 'Emergency Email'
https://www.youtube.com/watch?v=4gZW7HRHJmM

◎ 'Civil Protection Siren' and 'J-Alert'
http://www.kokuminhogo.go.jp/en/about/means.html#siren

Ang J-Alert ay ilalabas sa pamamagitan ng public speakers na itinayo ng lokal na pamahalaan, at sa pamamagitan din ng cellular phone, radyo, telebisyon, at iba pa, kasabay ng mensahe (sa salitang Hapon) na nakasulat sa ibaba.

(Halimbawa) Lumikas kaagad. Lumikas kaagad. Pumasok sa loob ng isang matibay na gusali o pumunta sa basement floor. Maaaring bumagsak ang isang missile sa lupa. Lumikas kaagad sa loob ng isang gusali.

Kung nagpatunog ang inyong cellular phone ng mga sirena na hindi niyo pa narinig dati at may mensahe sa salitang Hapon, magtanong sa isang Hapon kung ano ang ibig sabihin ng mensahe at …

Pumasok sa loob ng isang matibay na gusali o pumunta sa basement floor.

●Kung kayo ay nasa labas, takpan ang inyong bibig at ilong ng panyo, lumayo kaagad sa pinagbagsakang/tinamaang lugar at pumasok sa isang silid na hindi mapapasukan ng hangin o kumilos patungo sa parehong direksyon ng hangin.
●Kung kayo ay nasa loob, patayin ang air fan, isara ang mga bintana at takpan ng mabuti ang mga puwang sa gitna ng bintana at pader upang hindi makapasok ang hangin sa loob ng silid.

(Ang impormasyong ito ay base sa inilabas ng Kalihim ng Gabinete, na inedit ng Osaka

University)

Ang mga impormasyon patungkol sa kalamidad ay makikita sa iba’t-ibang wika sa website ng Osaka University para sa inyong pangangailangan kapag may emergency.

（Osaka University Website: Multilingual Disaster Info）

◎http://www.respect.osaka-u.ac.jp/activities/notice/general_disaster_info_multilingual/

deepak@sakurabs.co.jp